# Prepektura ng Hiroshima

# Ang aming pinagandang serbisyo na pinapaalam sa inyo ang impormasyon sa iwas-sakuna sa prepektura ng Hiroshima sa pamamagitan ng email!

**Libreng rehistrasyon**
(Mahalagang paalala)

## Mas madaling maintindihan, mas detalyado

**Ihahatid namin ang impormasyon na kailangan ninyo upang maprotektahan ang inyong buhay mula sa kalamidad!**






**Dito ang rehistrasyon**

Nasa likod ang paraan kung paano magrehistro

- ◎Mas madaling maintindihan sa pamamagitan ng '"alert levels"
- ◎Ang email na ipapadala ay nakasulat sa pananalita na madaling maintindihan
- ◎Ipapadala sa 11 na lenguahe
- ◎Ipapadala namin ang kailangan ninyong impormasyon sa oras na kailangan ninyo

## Ano ang email para sa impormasyon sa iwas-sakuna? Anong tulong ang maibibigay nito sa akin?

Ang serbisyo na ito ay pinagsama ang mga impormasyon sa iwas-sakuna na kailangan upang protektahan ang buhay ng mga mamamayan sa isang pakete at ipapadala bilang email sa oras na kailangan niyo.

### Ipapaalam sa inyo ang impormasyon na makakaprotekta ng inyong buhay

Makakatanggap kayo ng impormasyon na kailangan ninyo upang gumawa ng aksyon na makakaprotekta sa inyong buhay. Impormasyon katulad ng rekomendasyon na paglikas, estado ng opisyal na proklamasyon ng pamahalaan, tsunami, babala sa panahon, mga alerto, gaano kalaki ang panganib na maguguho ang lupa o babaha atbp.

### Maari kayong makarehistro sa pamamagitan ng pagpili ng mga lugar lamang.

Maari ninyong irehistro ang marami pang ibang lugar (siyudad/distrito/nayon) bukod sa lugar na tinitirhan ninyo. Malalaman ninyo kung anong panganib ang papalapit sa mga lugar na inirehistro ninyo.

### Maari ninyong maobserba ang magandang panahon upang lumikas sa pamamagitan ng "alert levels".

Malalaman ninyo ang magandang panahon upang lumikas at ang mga aksyon na dapat gawin sa pamamagitan ng mga alert levels.



(Paalala) Maari ninyong magamit ang serbisyo na ito nang libre ngunit ang bayad sa telekomunikasyon na kailangan upang makatanggap ng email atbp. ay responsibilidad ng gagamit.

## Kailan ipapadala ang impormasyon?

**Magpapadala kami ng email sa oras na kailangan na lumikas sa lugar na inyong tinitirhan.**



- Kapag may opisyal na proklamasyon tungkol sa paglikas (Paghanda sa paglikas, paglikas ng mga nakakatanda atbp., rekomendasyon na maglikas, utos ng paglikas (biglaan))
- Kapag umabot na ang ilog o lawa sa mapanganib na lebel.
- Kapag may anunsyo o babala tungkol sa paguho ng lupa
- Kapag nag-anunsyo ng babala tungkol sa tsunami.

※Ang ibang impormasyon ay maaring ipadala bilang emergency email.


Tanggapan ng Nangangasiwa ng krisis sa prepektura ng Hiroshima, Departamento ng Nangangasiwa ng krisis TEL.082-513-2786 Sa wikang Hapon lamang.

# Dapat subukan ninyong magrehistro upang makahanda sa kalamidad!

**Napakadali magrehistro at piliin ang inyong mga kagustuhan!**

| | |
|---|---|
| **Hakbang 1** | I-scan ang QR code sa harap at magpadala ng blankong email (email na walang laman). |
| **Hakbang 2** | Ipapadala ang link para sa pagrehistro sa loob ng isang email. Puntahan ito at magpatuloy sa pahina ng rehistrasyon. |
| **Hakbang 3** | Piliin ang inyong mga kagustuhan tungkol sa pagtanggap ng papadalang impormasyon. Para sa mga bagong rehistrante, inirerekomenda namin piliin ang “mga mahalagang bahagi lamang”. |
| **Hakbang 4** | Madali ang pagrehistro, sa pamamagitan lamang ng pagpili ng inyong mga kagustuhan tungkol sa lugar (lungsod/distrito/bayan) at anong uri ng impormasyon ang nais ninyong matanggap. |

*Maari ninyong magamit ang serbisyong ito ng walang bayad ngunit ang bayad para sa telekomunikasyon na kailangan upang makatanggap ng email atbp. ay responsibilidad ng gagamit.




*Maaring magkaiba ang nilalaman ng inyong matatangap na email sa imahe.

## Nilalaman ng notipikasyon sa email ng serbisyo ng prepektura ng Hiroshima para sa iwas-sakuna mahalagang bahagi lamang)

| Pamagat ng impormasyon | | | Nilalaman |
|---|---|---|---|
| **Impormasyon tungkol sa paglikas** | **Impormasyon tungkol sa maaring maganap na sakuna** | **Alert level 5** | Mapapadala kami ng email kapag ang pamahalaan ay may opisyal na proklamasyon tungkol sa paglikas (4 na hakbang, nakasulat sa kaliwa)<br>*Impormasyon tungkol sa pagbukas ng mga evacuation center ay maari ninyong makumpirma sa website ng iwas-sakuna ng prepektura ng Hiroshima. Ang link ay ilalagay sa loob ng email tungkol sa paglikas. |
| | **Utos ng paglikas** | **Alert level 4** | |
| | **Rekomendasyon na maglikas** | **Alert level 4** | |
| | **Paghanda sa paglikas/ Paglikas sa mga matatanda atbp.** | **Alert level 3** | |
| **Paalala-babala tungkol sa panahon** | **Mga natatanging babala** | Katumbas ng Alert level 4-5 | Kapag napakamalakas ang pangamba na may magaganap na malaking kalamidad, magpapadala kami ng notipikasyon kung tatawag na ng pinakamataas na antas ng alerto. |
| | **Babala** | Katumbas ng Alert Level 3-4 | Kapag may pangamba na may magaganap na malaking kalamidad, magpapadala kami ng impormasyon tungkol sa may malaking posibilidad na mangyayari at magpapatawag ng alerto. |
| **Impormasyon tungkol sa malakas na ulan sa loob ng maiksing oras na hindi pa dati nangyayari** | **Impormasyon tungkol sa malakas na ulan sa loob ng sandaling oras na hindi pa dati nangyayari** | | Iiobserba at iaanalisa ang malakas na ulan sa loob ng sandaling oras, na nangyari lamang ng mga isang beses sa loob ng maraming taon. |
| **Impormasyon sa alerto tungkol sa pagguho ng lupa** | **Impormasyon sa alerto tungkol sa pagguho ng lupa** | Katumbas ng Alert Level 4 | Magpapadala kami ng impormasyon kapag may anunsyo ng malakas na ulan, o kapag lalong lumaki ang pangamba ng sakuna mula sa pagguho ng lupa |
| **Impormasyon tungkol sa panganib mula sa paguho ng lupa** | **Kapag lumampas sa karaniwang lebel sa kasalakuyan, 1 oras pagkalampas sa karaniwang lebel, 2 oras pagkalampas sa karaniwang lebel, 3 oras pagkalampas sa karaniwang lebel** | Katumbas ng Alert Level 4 | Aalamin namin tungkol sa panganib ng paguho ng lupa sanhi ng malakas na ulan bago magpapadala ng notipikasyon. |
| **Impormasyon tungkol sa Tsunami** | **Balita tungkol sa pag-ingat sa maaring tsunami** | | Magpapadala kami ng notipikasyon kapag ang posibleng taas ng tsunami ay nasa mataas na halaga na, 0.2 hanggang 1 metro, at may pangamba ng posibleng sakuna. |
| **Posibleng pag-apaw ng kilalang ilog at lawa** | **Balita sa maaaring pag-apaw, Impormasyon tungkol sa panganib ng pag-apaw** | Katumbas ng Alert Level 4-5 | Upang maging gabay para sa aksyon na kukunin ng mga mamamayan para sa kanilang kaligtasan mula sa pagtaas ng lebel ng tubig o pag-apaw ng mga ilog o lawa, magpapadala kami ng impormasyon tungkol sa maaring magiging lebel ng tubig o ang lakas ng agos sa pinili ninyong distrito na may kilalang ilog o lawa. |
| **Impormasyon tungkol sa panganib kasabay ng babala sa posibleng pagbaha** | **Napakamapanganib, lubhang mapanganib** | Katumbas ng Alert Level 4 | Mapapadala kami ng notipikasyon matapos alamin namin ang posibleng panganib ng pag-apaw ng maliliit na ilog at lawa mula sa impormasyon kasabay ng babala ng pagbaha |

Maari din kayo makatanggap ng impormasyon na hindi kasama sa talaan sa pamamagitan ng pagpili ng inyong mga kagustuhan

[Ano ang “Alert level”?] Ito ay ang nag-uugnay sa aksyon na dapat gawin kasabay ng paglaki ng pangamba ng pagganap ng kalamidad sa impormasyon na uudyok na gawin ang sinasabing aksyon.

[Ano ang impormasyon na katumbas ng alert level?] Ang impormasyon tungkol sa pag-iwas ng sakuna dahil sa panahon ay pinapakita kung anong alert level ang katumbas ng impormasyon tungkol sa paglikas, upang maging gabay para sa mamamayan na gumawa ng sarili nilang desisyon tungkol sa paglikas.

## “Bawas-sakuna salamat sa pakikipagtulungan ng lahat” ng prepektura ng Hiroshima
## Komprehensibong pagsasanay para sa mamamayan ng prepektura

Ang layunin ng pagsasanay na ito ay ang “Prepektura ng Hirohima na malakas sa harap ng sakuna” at ang pagkaisa ng mga mamamayan, mga pribadong organisasyon para sa iwas-sakuna, mga kumpanya, ang pamahalaan atbp., upang ang lahat ng mamamayan ng Hiroshima ay magagawa ang nararapat na aksyon upang maprotekta ang kanilang buhay mula sa sakuna.

**Para sa karagdagang detalye, mangyari lamang bisitahin ang website.** ▶▶▶ Bawas-sakuna Unang hakbang | Maghanap

Bar o QR code para sa smartphone





**Tanggapan ng Nangangasiwa ng krisis ng prepektura ng Hiroshima,**
**Departamento ng Pagsulong ng bawas-sakuna dahil sa pakikipagtulungan ng bawat mamamayan**

**TEL.082-513-2781**
Sa wikang Hapon lamang